

Senior High School



FILIPINO SA PILING LARANG - (Sining at Disenyo) Kuwarter 4 - Modyul 1 Mga Teknikal na Terminolohiya, Kahulugan at Sulatin *Ang Social Media*



**Filipino sa Piling Larang-Sining at Disenyo – Senior High School
Alternative Delivery Mode
Kwartar 4 – Modyul 1: Mga Terminolohiyang Teknikal, Kahulugan at Sulatin
Ang Social Media
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksyon 176 na: “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga hiniram na materyales (awit, kuwento, tula, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Mga Bumubuo ng Modyul para sa Mag-aaral

Manunulat:	Priscilla F. Canoy, PhD at Ethel J. Clarido
Mga Tagasuri:	Anita M. Gomez, PSD, Maria Dulce Cuerquiz, MT, Bonifacio N. Gegato Jr, MT at Choyette Dixie Therese F. Villacorta
Mga Tagaguhit at Nag-layout:	Ryan Roa, Mary Sieras, Allan Guibone, Alma Sheila Alorro and Mary Jane P. Fabre
Mga Tagapangasiwa Tagapangulo:	Dr. Arturo B. Bayocot, CESO III Panrehiyong Direktor
Pangalawang Tagapangulo:	Dr. Victor G. De Gracia Jr. CESO V Pumapangalawang Panrehiyong Direktor
	Cherry Mae L. Limbaco, PhD, CESO V Tagapamanihala
	Alicia E. Anghay, PhD, CESE Pumapangalawang Tagapamanihala
	Mala Epra B. Magnaong, Hepe ES, CLMD
Mga Miyembro:	Lorebina C. Carrasco, OIC-CID Chief Sol P. Aceron, PhD, EPS-Filipino Brenda P. Galarpe, SSP- 1 Marisa D. Cayetuna, P-1 Aniceta T. Batallones, MAFIL Leonor C. Reyes, MAEDFIL Joel D. Potane, LRMDS Manager Lanie O. Signo, Librarian II Gemma Pajayon, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng Departamento ng Edukasyon – Dibisyon ng Cagayan de Oro City

Office Address: Fr. William F. Masterson Ave Upper Balulang Cagayan de Oro

Telefax: (08822)855-0048

E-mail Address: cagayandeoro.city@deped.gov.ph

**FILIPINO SA PILING
LARANG -
(Sining at Disenyo)
Kuwartar 4 - Modyul 1
Mga Teknikal na Terminolohiya,
Kahulugan at Sulatin
Ang Social Media**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay inihanda upang malinang ang iyong kakayahan bilang isang mag-aaral sa Senior High School. Sa ika-21 na siglo, higit na mabisa ang komunikasyon at pagsusulat hindi lamang gamit ng isang papel at bolpen, kundi pati na rin sa teknolohiya. Kaya isinali ang mga araling nagpapakilala ng mga teknikal na terminolohiya at kahulugan nito. Matutunan mo rin ang mga araling may kaugnayan sa *social media* sapagkat bilang isang mag-aaral sa kasalukuyang henerasyon mas higit mo pang mapapaunlad ang iyong kakayahan sa pagkikilala at pagsusulat ng mga terminong may kaugnayan sa sining at disenyo na matatagpuan sa iba't ibang gawain ng modyul na ito.


Sana'y maging aktibo ka at magkusa sa pagbasa, pagsaliksik at pagsagot upang matagumpay ang kinalabasan ng nais mong matutunan at pati na rin sa pagtamo ng kanais-nais na marka.

Ang Modyul na ito ay naglalaman ng dalawang aralin:

- Aralin 1 – Mga Teknikal na Terminolohiya, Kahulugan at Sulatin
- Aralin 2 – Ang *Social Media*

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga terminong teknikal na may kaugnayan sa piniling sulat. (CS_FSD11/12PT-0j-k-92)
 - Teknikal na Terminolohiya at Kahulugan
 - Ang *Social Media*



Subukin

Panimulang Pagtataya

Panuto A: Nais ng iyong guro na malaman ang iyong kaalaman hinggil sa mga araling napapaloob sa modyul na ito. Huwag kalimutang basahin nang maigi ang mga nakatala o pahayag at piliin mula sa dakong ibaba ang mga kasagutan. Bilugan ang titik ng napiling sagot.

1. Ito ay isang uri ng komunikasyon na naglalayong makapaghatid ng mensahe gamit ang teknikal na salita kung saan ang mga tatanggap dito ay may kaalaman din sa kahulugan ng mga salitang nagagamit.
 - A. Teknikal na Pagsulat
 - B. Komunikasyong Teknikal
 - C. Akademikong Sulatin
 - D. at Komunikasyon
2. Ito ay isang pagsulat na sumasaklaw sa pagsulat ng mga sulating may kinalaman sa komersyo o empleyo.
 - A. Teknikal na Pagsulat
 - B. Komunikasyong Teknikal
 - C. Akademikong Sulatin
 - D. Sining at Desinyo
3. Sa teknikal na komunikasyon ay nangangahulugang kinakailangan ng isahang pagkakaintindihan ng mga salita sa pagitan ng nagsasalita at ng mga:
 - A. Tagapagpahayag
 - B. Tagasulat
 - C. Tagapakinig
 - D. Nagbabasa
4. Madalas, na ang teknikal na pagsulat ay payak dahil hangarin nito na makalikha ng tekstong:
 - A. may malalim na kahulugan
 - B. mahaba at masalimuot
 - C. mauunawaan nang malinaw
 - D. may palaisipan

5. Ang pinaka epektibong midyum ng paghahatid ng mensahe, ay ang: ____
- A. Sulat
 - B. Wika
 - C. Salita
 - D. Kompyuter

Panuto B: Hanapin sa hanay B ang mga tinutukoy ng mga pahayag na nasa hanay A. Titik lang ang isulat sa sagutang-papel.

Hanay A	Hanay B
6. Mga nakatalang impormasyon ukol sa produkto.	A. Babala
7. Ito ay ipinapaskil upang mapalayo ang sakuna o pinsala na maaring maidulot ng isang bagay o pangyayari.	B. <i>leaflets /flyers</i>
8. Ito ay nakasulat na adbvertisement o patalastas na ang layunin ay para sa malawak na distribusyon at karaniwang ibinabahagi sa pampublikong lugar; may kontak at logo; may mapaglarong salita at makulay	C. Deskripsyon ng Produkto
9. Isang babasahin kung saan ito ay karaniwang naglalaman ng iba't ibang impormasyon tungkol sa paksa. na maaring tumatalakay sa mga alituntunin ng isang organisasyon o kompanya.	D. Menu ng pagkain
10. Mga nakaayos na pagkain na nakalagay rin sa menu ang halaga. Minsan ay may kaunting paglalarawan sa mga pagkaing naka-hilera.	E. Manwal

Aralin

1

Ang Teknikal na Terminolohiya, Kahulugan at Sulatin



Balikan

Gawain 1.1

Gayong nagkaroon ka ng kaalaman sa nakaraang aralin kung paano maging mabisa ang isang sulatin, magtala ng mga 3-5 parirala o pangungusap ng mahusay na sulatin. Itala sa kalagitnaan ng dalawang tinik ng *fishbone diagram*.




Image Source: shorturl.at/a

Gawain 1.2 Ibigay ang depinisyon ng mga sumusunod na salita at isulat sa loob ng kahon

Sining

Disenyo





Tuklasin

Ang salitang teknikal ay isang obhetibong paraan ng pagpapahayag ng kaisipan.

- Nagpapahayag ng isang paksa na nangangailangan ng direksyon, pagtuturo at papaliwanag sa mabisang paraan.

Halimbawa ng mga teknikal na salita at Kahulugan:

- *computer* o kompyuter, astronomiya, *legislation* o lehislatibo, *visual basic*, sosyolohiya, *debit & credit*, *staff & clef* (music), *android*, *APA format*.
- Ilan pa sa mga halimbawa ng mga teknikal na terminolohiya/sulatin ay ang mga larawang nasa dakong ibaba. Tunghayan ang mga ito.

<p>Babala</p>	 <p>https://bit.ly/3hQUY6b</p>	<p>Ang babala ay inilalagay upang mapalayo ang sakuna o pinsala na maaring maidulot ng isang bagay o pangyayari.</p> <p>Kadalasan, ito ay makikita sa mga lugar na ipinapatayong gusali, kung ang sahig sa pook-pasyalan ay basa, o kung marami nang nangyaring aksidente sa isang daan.</p>
<p>Leaflets/flyers</p>	 <p>https://bit.ly/2N77BvE</p>	<p>Ito ay nakasulat na adbertismo o patalastas na ang layunin ay para sa malawak na distribusyon at karaniwang ibinabahagi sa pampublikong lugar;</p> <ul style="list-style-type: none"> • May kontak at logo; • Ito rin ay may mapaglarong salita at makulay

<p>Manwal</p>	 <p>https://bit.ly/3hVsMiA</p>	<p>Ang manwal ay isang babasahin kung saan ito ay karaniwang naglalaman ng iba't ibang impormasyon tungkol sa paksa na maaring tumatalakay sa mga alituntunin ng isang organisasyon o kompanya.</p> <p>Gayon din, maaring tumalakay sa proseso na mayroong kinalaman sa paggawa, pagsasaayos o pagpapagana ng isang produkto na kalimitang binabasa natin upang tayo ay malinawan o magkaroon ng impormasyon tungkol sa isang usapin o bagay.</p>
<p>Menu ng Pagkain</p>	 <p>https://bit.ly/3evf6J4</p>	<p>Mga nakaayos na pagkain na nakalagay rin sa menu ang halaga. Minsan ay may kaunting paglalarawan sa mga pagkaing nakahilera.</p>
<p>Deskripsyon ng Produkto</p>	 <p>https://bit.ly/2VnOLXt</p>	<p>Mga nakatalang impormasyon ukol sa produkto.</p> <p>Bilang karagdagan, upang lubos mong malaman at mauunawaan, maaari mong panoorin ang kahulugan at tips mula sa link na ito:</p> <p>https://www.youtube.com/watch?v=dWHFOI9ND5k</p>




Suriin

Gawain 1.3.1

Panuto: Mula sa mga binanggit na mga salitang teknikal na nasa Halimbawa A, magdagdag pa ng lima na hindi nabanggit sa itaas. Alamin din at ibigay ang kahulugan nito.


	Mga Terminolohiya/ Salitang Teknikal	Depinisyon/Kahulugan
1		
2		
3		
4		
5		



Pagyamanin

Gawain 1.3.2


Panuto: Pumili ng isang sulating teknikal at gawan ng desinyo tulad ng mga larawang nasa itaas. Maaaring menu, leaflet, babala, manwal o iba pang halimbawa. Bumuo ng sariling disenyong at pagkatapos ipaskil sa hugis-kahon na ito. (20 pts.)



Gawain 1.3.3

Paano nakakatulong sa pamayanan ang mga teknikal na desinyo tulad ng mga nabanggit sa itaas tulad ng: babala, menu ng pagkain, *leaflets*, manwal at iba pang katulad. Ihayag ang iyong sariling opinyon o pananaw dito at magbigay ng isang sitwasyon. Isulat ang iyong pahayag sa nakahandang hugis-papel na pahalang.





Isaisip


Maituturing na susi ng tagumpay sa isang tao kung siya ay nagtataglay ng kahusayan sa komunikasyon, ito man ay sa pasalita o pasulat na anyo. Ang kasanayang ito ang makatutulong upang maipabatid at maipaunawa niya sa daigdig ang kanyang kaisipan at kaalaman ano pa man ang kanyang propesyon.

Ang Teknikal na Sulatin

Ito ay isang uri ng teknikal na sulatin na ang komunikasyon ay ginagamit sa iba't ibang larangan ng okupasyon. Ito ay isang proseso ng pagsulat at pagbabahaginan ng impormasyon sa propesyunal na kalagayan.

	Ang Teknikal na Pagsulat	Komunikasyong Teknikal
Katuturan	Ito ay sumasaklaw sa pagsulat ng mga sulating may kinalaman sa komersyo o empleyo. Isang espesyalisadong uri ng pagsulat na tumutugon sa mga kognitiv at sikolohikal na pangangailangan ng mga mambabasa at manunulat.	Ang komunikasyong teknikal ay isang espesyalisadong anyo ng komunikasyon. Ito ay isang uri ng komunikasyon na naglalayong makapaghatid ng mensahe gamit ang teknikal na salita kung saan ang mga tatanggap dito ay may kaalaman din sa kahulugan ng mga salitang nagagamit.
Katangian	Karamihan sa teknikal na pasulat ay tiyak at tumpak lalo na sa pagbibigay ng panuto. Ito ay payak dahil hangarin nito ay makalikha ng teksto na mauunawaan nang malinaw, at higit sa lahat, walang maling gramatikal, walang pagkakamali sa bantas at may angkop na pamantayang kayarian. Maituturing na isa sa maraming anyo ng komunikasyong teknikal at nagtataglay ito ng mataas na antas ng kasanayan mula sa iba't ibang diskurso.	Ito ay komunikasyong pasulat sa larangang may espesyalisadong bokabularyo tulad ng sa agham, inhenyera, teknolohiya, at agham pangkalusugan. Naglalaman ng isang tiyak na anyo at ang pokus nito ay pasulat at pasalitang diskurso,

Kahalagahan ng mga Ito:	
Ang Teknikal na Sulatin	<p>Karaniwan na itong naihalintulad sa iba pang uri ng mga sulatin bagaman ito ay may tiyak na <u>awdiyens, layunin, estilo, sitwasyon, nilalaman, at gamit na siyang pangunahing elemento ng mga komunikasyong teknikal.</u> Laging isaisip na kaiba ito sa mga akademikong sulatin na karaniwang isinasagawa sa klase gaya ng sanaysay, pananaliksik, analitikong papel, at iba pa.</p>
Ang Komunikasyong Teknikal	<p>Ang paggamit ng teknikal na komunikasyon ay nangangahulugang kinakailangan ng isahang pagkakaintindihan ng mga salita sa pagitan ng nagsasalita at ng mga tagapakinig. Kapag hindi naiintindihan ng mga tagapakinig ang mga teknikal na salita, nawawalan ng saysay ang mga mensahe ng nagsasalita dahil hindi naman nito naipaparating nang maayos sa mga tagapakinig ang mga nais niyang ipaalam.</p> <p>Napakahalaga ang komunikasyong teknikal dahil sa angat ng pamumuhay ngayon ay maraming taong may propesyon na mas madali nalang makausap gamit ang pamamaraang ito.</p>




Isagawa

Gawain 1.4

Panuto: Sinasabing napakahalaga ng komunikasyong teknikal, dahil sa umangat na pamumuhay ngayon, maraming taong may propesyon na mas madali na lang makausap gamit ang pamamaraang ito. Magbanggit ng isang teknikal na salita, sulatin o proseso na madalas ginagamit ng kahit na anong propesyon at kung paano ito naging makabuluhan sa pang-araw-araw na gawain.

Isulat ito sa loob ng hugis-parihaba ang teknikal na salita na napili mo na may kaugnayan sa strand/track na kinuha mo ngayon. Ipakilala ang propesyong iyong napili at itala sa loob ng hugis-bituin.



KRAYTERYA / PAMANTAYAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY

Nilalaman	(20%)
Kaugnayan sa Tema	(10%)
Tamang Paggamit ng Mga Salita	(10%)
Kabuuan	40

Paglalagom

Ang Teknikal na Pagsulat

- Ito ay isang uri ng teknikal na sulatin na ang komunikasyon ay ginagamit sa iba't ibang larangan ng okupasyon. Ito ay isang proseso ng pagsulat at pagbabahaginan ng impormasyon sa propesyunal na kalagayan.
- Sumasaklaw sa pagsulat ng mga sulating may kinalaman sa komersyo o empleyo. Isang espesyalisadong uri ng pagsulat na tumutugon sa mga kognitiv at sikolohikal na pangangailangan ng mga mambabasa at manunulat.

- Karamihan sa teknikal na pasulat ay tiyak at tumpak lalo na sa pagbibigay ng panuto. Ito ay payak dahil hangarin nito ay makalikha ng teksto na mauunawaan nang malinaw, at higit sa lahat, walang maling gramatikal, walang pagkakamali sa bantas at may angkop na pamantayang kayarian.

Komunikasyong Teknikal

- Ang komunikasyong teknikal ay isang espesyalisadong anyo ng komunikasyon. Ito ay isang uri ng komunikasyon na naglalayong makapaghatid ng mensahe gamit ang teknikal na salita kung saan ang mga tatanggap dito ay may kaalaman din sa kahulugan ng mga salitang nagagamit.
- Ito ay komunikasyong pasulat sa larangang may espesyalisadong bokabularyo tulad ng sa agham, inhenyera, teknolohiya, at agham pangkalusugan.
- Ang paggamit ng teknikal na komunikasyon ay nangangahulugang kinakailangan ng isahang pagkakaintindihan ng mga salita sa pagitan ng nagsasalita at ng mga tagapakinig. Kapag hindi naiintindihan ng mga tagapakinig ang mga teknikal na salita, nawawalan ng saysay ang mga mensahe ng nagsasalita dahil hindi naman nito naipaparating nang maayos sa mga tagapakinig ang mga nais niyang ipaalam

Halimbawa ng mga Teknikal na Salita o Sulatin:

- *computer* o kompyuter, astronomiya, *legislation* o lehislatibo, *visual basic*, sosyolohiya, *debit & credit*, *staff & clef* (music), *android*, *APA format*.
- Ilan pa sa mga halimbawa ng mga teknikal na terminolohiya/sulatin: *Leaflets/flyers*, *menu ng pagkain*, *babala*, *deskripsyon ng produkto*, *at iba pa*



Tayahin

Pangwakas na Pagtataya

Panuto A: Nais ng iyong guro na malaman kung gaano kalawak ang iyong kaalaman hinggil sa mga araling napapaloob sa modyul na ito. Huwag kalimutang basahin nang maigi ang mga nakatala o pahayag at piliin mula sa dakong ibaba ang mga kasagutan. Bilugan ang titik ng napiling sagot.

1. Ito ay isang uri ng komunikasyon na naglalayong makapaghatid ng mensahe gamit ang teknikal na salita kung saan ang mga tatanggap dito ay may kaalaman din sa kahulugan ng mga salitang na gagamit.
 - A. Teknikal na Pagsulat
 - B. Komunikasyong Teknikal
 - C. Akademikong Sulatin
 - D. Sining at Komunikasyon
2. Ito ay isang pagsulat na sumasaklaw sa pagsulat ng mga sulating may kinalaman sa komersyo o empleyo.
 - A. Teknikal na Pagsulat
 - B. Komunikasyong Teknikal
 - C. Akademikong Sulatin
 - D. Sining at Desinyo
3. Sa teknikal na komunikasyon ay nangangahulugang kinakailangan ng isahang pagkakaintindihan ng mga salita sa pagitan ng nagsasalita at ng mga:
 - A. tagapagpahayag
 - B. tagasulat
 - C. tagapakinig
 - D. nagbabasa
4. Madalas, na ang teknikal na pagsulat ay payak dahil hangarin nito na makalikha ng tekstong:
 - A. may malalim na kahulugan
 - B. mahaba at masalimuot
 - C. mauunawaan nang malinaw
 - D. may palaisipan

5. Ang pinaka epektibong midyum ng paghahatid ng mensahe, ay ang: ____
- A. sulat
 - B. wika
 - C. salita
 - D. kompyuter


Panuto B: Hanapin sa hanay B ang mga tinutukoy ng mga pahayag na nasa hanay A. Titik lang ang isulat sa sagutang-papel.

Hanay A	Hanay B
6. Mga nakatalang impormasyon ukol sa produkto.	A. Babala
7. Ang babala ay inilalagay upang mapalayo ang sakuna o pinsala na maaring maidulot ng isang bagay o pangyayari.	<i>B. leaflets /flyers</i>
8. Ito ay nakasulat na adbertismo o patalastas na ang layunin ay para sa malawak na distribusyon at karaniwang ibinabahagi sa pampublikong lugar; may kontak at logo; may mapaglarong salita at makulay	C. Deskripsyon ng Produkto
9. Ang manwal ay isang babasahin kung saan ito ay karaniwan ng naglalaman ng iba't-iibang impormasyon tungkol sa paksa. na maaring tumatalakay sa mga alituntunin ng isang organisasyon o kompanya.	D. Menu ng pagkain
10. Mga nakaayos na pagkain na nakalagay rin sa menu ang halaga. Minsan ay may kaunting paglalarawan sa mga pagkaing nakahilera.	E. Manwal

C. Ipaliwanag. Sa iyong sariling kuru-kuro, bakit sinasabing mawawalan ng saysay ang mensahe ng nagsasalita kapag hindi naiintindihan ng tagapakinig ang mga teknikal na salita? Itala sa loob ng kahon ang iyong pahayag. (10 pts.)

Pamantayan sa Pagmamarka:

Nilalaman ng Sanaysay	- 10 puntos
Kawastuhan sa Gramatika	- 5 puntos
Organisasyon ng Ideya	- 5 puntos
Kabuuang Puntos	20 puntos





Karagdagang Gawain

Gawain 1.5

Magsaliksik at isagawa ang mga sumusunod.

1. Ano ang ibig sabihin ng Social Media?
2. Magtala ng limang halimbawa o *app* ng isang *social media*

Ang Social Media	Halimbawa
	



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

A.
6. B
7. A
8. C
9. C
10. D

B.
6. C
7. A
8. B
9. E
10. D

C. Guro ang magpapasya / batay sa pamantayan / krayteryang nakalaan

Gawain 1.5

Guro ang magbibigay-pasya

Panimulang Pagtataya

A.
1. B
2. A
3. C
4. C
5. D

B.
1. C
2. A
3. B
4. E
5. D

Gawain 1.1
Guro ang magbibigay-pasya


Gawain 1.2
Guro ang magbibigay-pasya

Gawain 1.3.1
Guro ang magbibigay-pasya

Gawain 1.3.2
Guro ang magpapasya batay sa krayteryang nakalaan

Gawain 1.3.3
Guro ang magpapasya batay sa krayteryang nakalaan

Gawain 1.4
Guro ang magpapasya batay sa krayteryang nakalaan



Subukin

Gawain 2.1.

Panuto: Punan ang patlang ng angkop na kasagutan upang mabuo ang diwa ng pahayag. Hanapin ang mga ito sa loob ng kahon. Titik lang ang isulat sa sagutang-papel.

- | |
|---|
| <ul style="list-style-type: none">A. social mediaB. Internet siteC. pinag-uusapanD. “World’s Internet Capital”E. diskurso |
|---|

1. Nilikha ang konseptong _____ sa pagbungad ng ika-19 na siglo, sa pamamagitan ng *Internet site* na nagbukas ng oportunidad upang mapagtagpo ang mga indibidwal o pangkat ng mga tao na may kalayaang magpahayag ng mga impormasyon ukol sa kanilang karanasan at buhay gamit ang sari-saring anyo ng *multimedia*.
2. Batay sa inilabas na pananaliksik ng isang blog na 24/7 Wall Street, natuklasan na ang bansang Pilipinas ang itinuturing na _____ noong 2013.
3. Ang _____ ang nagbukas ng oportunidad upang mapagtagpo ang mga indibidwal o pangkat ng mga tao na may kalayaang magpahayag ng mga impormasyon ukol sa kanilang karanasan at buhay.
- 4.-5. Sa pagpapakilala sa kalakaran ng social media, hindi lamang ang mga instrumento at relasyon ang nagbago. Maging ang palitan ng mga _____ at _____ ay nag-iba rin bunga ng malaya at mabilis na pagpapalitan ng mga karanasan, kalagayan, saan mang lupalop ng daigdig.

Aralin

2

Ang Social Media



Tuklasin

Ang Social Media

Nilikha ang konseptong *social media* sa pagbungad ng ika-19 na siglo, sa pamamagitan ng *Internet site* na nagbukas ng oportunidad upang mapagtagpo ang mga indibidwal o pangkat ng mga tao na may kalayaang magpahayag ng mga impormasyon ukol sa kanilang karanasan at buhay gamit ang sari-saring anyo ng *multimedia*. Sa pagpapakilala sa kalakaran ng social media, hindi lamang ang mga instrumento at relasyon ang nagbago. Maging ang palitan ng mga pinag-uusapan at diskurso ay nag-iba rin bunga ng malaya at mabilis na pagpapalitan ng mga karanasan, kalagayan, saan mang lupalop ng daigdig.

Batay sa inilabas na pananaliksik ng isang blog na 24/7 Wall Street, natuklasan na ang bansang Pilipinas ang itinuturing na “World’s Internet Capital” noong 2013.



Suriin

Gawain 2.2



Panuto: Hanapin sa *Google Website* ang mga tinutukoy na *app* ng *social media* ng mga nakatala sa kanang hanay. Isulat ang iyong sagot sa kaliwang hanay.

<https://bit.ly/3gkq9W1>



Facebook



Facebook Messenger



Twitter



Youtube




Skype

Kuha mula: shorturl.at/gklGY; shorturl.at/fuJNT; shorturl.at/cLRX4; shorturl.at/eox01

Mga Sagot	Kahulugan
	<p>1. Isang <i>website</i> na nagbabahagi ng mga bidyo at nagbibigay-daan para sa mga tagagagamit o <i>user</i> nito na mag-<i>upload</i>, makita, at ibahagi ang mga bidyo <i>clip</i>. Ang mga bidyo na ito ay maaaring husgahan; ang dami ng husga at ng mga nakapanood at parehong nakalathala. Maaari ring mag-iwan ng komento ang mga manonood sa karamihan ng <i>video</i>. https://bit.ly/3ghxkOK</p>
	<p>2. Isang social networking website na libre ang pagsali at pinapatakbo at pag-aari ng _____, Inc. na isang pampublikong kompanya. Maaaring sumali ang mga tagagamit dito nakaayos ayon sa lungsod, pinagtrabahuan, paaralan at rehiyon upang makakonekta at makihalubilo sa ibang mga tao.</p>

	<p>3. Isang app na dina-download sa phone na nagpapangasiwa rin nang Facebook, upang makapagbigay ng mensahe sa kausap nito. Ito rin ay bersyon ng Facebook upang maging madali ang pag-uusap ng bawat isa. Ang mensahe rin ay otomatikong lalabas sa phone upang madaliang mabasa ang gumagamit ito, naglagay rin ng mga <i>information signs</i>, katulad sa natural na Facebook. Ito ay naitatag noong ika Agosto taong 2011.</p> <p>https://bit.ly/3dV9ZRn</p>
	<p>4. Isang <i>online mobile</i> na serbisyong <i>photo-sharing, video-sharing</i> at <i>social networking</i> na nagbibigay-pahintulot sa mga gumagamit na kumuha ng mga larawan at bidyo, at ibahagi ang mga ito sa iba't ibang plataporma ng <i>social networking</i>, gaya ng Facebook, Twitter, Tumblr at Flickr. Ang isang kakaibang katangian nito ay ang pagpipirmi ng larawan sa hugis parisukat, na kahawig ng mga imahe ng Kodak Instamatic at Polaroid.</p> <p>https://bit.ly/38dW3k4</p>
	<p>5. Isang pang-telekomunikasyon na produktong application software para sa pagbibigay ng serbisyong video chat at pagtatawag galing sa mga kompyuter, tablet, at kagamitang hinahawak sa pamamagitan ng internet. Ito ay itinatag noong Agosto 2003 nina Janus Friis at Niklas Zennström. Matatagpuan ang punong-himpilan sa Luxembourg. Ang <i>Skype</i> ay naging dibisyon ng Microsoft Corporation noong Mayo 2011.</p> <p>https://bit.ly/2Btrqev</p>



Pagyamanin

Panuto: Basahin nang mabuti at sana'y mauunawaan mo ang iyong binabasa sapagkat ito ay may kaugnayan sa gawaing nasa ibaba.

Ang Coronavirus 2019 (COVID-19) ay isang sakit sa palahingahan. Ito ay sanhi ng isang bagong virus. May mga bago kaming nalalaman tungkol sa virus na ito araw-araw dahil ito ay bago. Nakikipagtulungan kami sa mga kasosyo upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19, ngunit ang bawat isa sa estado ay may bahaging gagampanan upang maisakatuparan ito. Sinuman sa anumang edad ay maaaring magkasakit. Ang ilang tao ay maaaring magkasakit nang mas malala kaysa sa iba. Ang mga taong nagkakasakit ng COVID-19 ay maaaring makahawa sa iba, kahit pa minsan parang wala silang sakit. Hindi namimili ang mga virus kaya't iwasan ang mga pagpapalagay tungkol sa kung sino ang sa tingin ninyo ang may sakit. Ang iba ay malubhang nagkasakit. Ilan sa mga sintomas ay: ▪ Ubo ▪ Pangangapos ng paghinga ▪ Lagnat ▪ Panginginig ▪ Pananakit ng ulo ▪ Pananakit ng kalamnan ▪ Pananakit ng lalamunan ▪ Pagkawala ng panlasa o pang-amoy hindi madalas, ang mga tao ay maaaring sumakit ang tiyan, magsusuka, o magtae. Kaya ang tamang pangangalaga sa sarili ay lubos na makakatulong, gumamit palagi ng face mask sa mga mataong lugar. Para maiwasan ito matulog ng maaga, kumain ng mga masustansiyang pagkain at uminum ng bitamina. Komunsulta agad sa doctor o iba pang provider kung nakaranas kayo ng alin man sa mga sintomas ang nabanggit.

<https://bit.ly/2ZqToQ4>

Gawain 2.3

Panuto: Tukuyin kung Tama ang pahayag at kung mali ang salitang sinalungguhitan, palitan ng wastong sagot ang sinalungguhitang salita at isulat sa patlang.

- _____ 1. Ang mga taong nagkakasakit ng COVID-19 ay hindi maaaring makahawa sa iba, kahit pa minsan parang wala silang sakit.
- _____ 2. Ang Coronavirus 2019 (COVID-19) ay isang mikrobyo sa palahingahan.
- _____ 3. Kapag nagkasakit, tumawag sa iyong kamag-anak, o iba pang *provider* ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagpapasuri.
- _____ 4. Ang ilang mga tao ay maaaring magkasakit nang mas malala pa kaysa sa iba.
- _____ 5. Ilan sa mga sintomas ay: ubo, pangangapos ng paghinga at lagnat.



Isaisip

Gawain 2.4

A. Sa iyong palagay, bilang isang mag-aaral sa panahon ng *COVID-19*, may mga positibo din bang naitulong ito sa sarili, pamilya at lipunan? Kung nasa bahay

lang kayo palagi dahil ng lock down ano-ano ang ginagawa ninyong magkapamilya para maibsan ang lungkot at mga panamba? Alin sa mga ito ang higit na nakakatulong? Pangatwiranang ang iyong sagot at itala sa loob ng kahong mayroong *smiley*.



KRAYTIRYA / PAMANTAYAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY

Nilalaman	(20%)
Kaugnayan sa Tema	(10%)
Tamang Paggamit ng Mga Salita	(10%)
Kabuuan	40




Isagawa

Gawain 2.4.1


Panuto: Magsaliksik ng isang bantog na manunulat ng ating bansa maging sa isang dyaryo o aklat. Ipakilala kung sino siya at ano ang mga katangiang taglay niya kung kaya't siya ay naging popular sa larangan ng pagsusulat at kung bakit siya ay napili mo. Ilagay rin kung saang *social media site* mo siya nabasa o nasaliksik at sipiin ang link na pinaiksi (*shorten*) bago mo itala sa dakong ibaba ng iyong sagutang-papel o sulatin. Sundin ang wastong batayan sa pagsusulat ng isang sanaysay: pamagat, indensyon, tamang bantas, baybay at gamit ng mga salita.

Larawan ng Manunulat

10 pts
Link: _____



Sino Siya?





Pamantayan sa Pagmamarka:	
Nilalaman ng Sanaysay	- 10 puntos
Kawastuhan sa Gramatika	- 5 puntos
Organisasyon ng Ideya	- 5 puntos
Kabuuang Puntos	20 puntos

Gawain 2.4.2

Panuto: Paraan ng pagsipi ng *link o url*: Una, kopyahin (o i-highlight) mo ang link ng pinagkukunan mong artikulo, at hanapin sa *Google website* ang “*URL shortener*.” I click mo ito at kung nabuksan na, idikit mo sa paglalagyan ng link (*paste*). Sunod, pindutin mo ang “*shorten*” at kung umiksi na ang mahabang *link*, kopyahin mo ito at idikit sa dakong ibaba ng iyong sulatin ukol sa tinatalakay mong manunulat. Ilagay mo rin ang kanyang larawan.

Upang matulungan ka, masdan mo ang larawan na inihanda para sa iyo kung paano mo ito isagawa. Malalaman ng guro mo kung tama ang proseso sapagkat ito ay makikita sa url/link na pinaiksi (*shorten*) na nakatala sa sulatin na nasa gawaing 1.4.1. (10 pts.)





Tayahin


Panuto: Punan ang patlang ng angkop na kasagutan upang mabuo ang diwa ng pahayag. Hanapin ang mga ito sa loob ng kahon. Titik lang ang isulat sa sagutang-papel.

A.

- | |
|---|
| <ul style="list-style-type: none">A. social mediaB. Internet siteC. pinag-uusapanD. “World’s Internet Capital”E. diskurso |
|---|

1. Nilikha ang konseptong _____ sa pagbungad ng ika-19 na siglo, sa pamamagitan ng *Internet site* na nagbukas ng oportunidad upang mapagtagpo ang mga indibidwal o pangkat ng mga tao na may kalayaang magpahayag ng mga impormasyon ukol sa kanilang karanasan at buhay gamit ang sari-saring anyo ng *multimedia*.
2. Batay sa inilabas na pananaliksik ng isang blog na 24/7 Wall Street, natuklasan na ang bansang Pilipinas ang itinuturing na _____ noong 2013.
3. Ang _____ ang nagbukas ng oportunidad upang mapagtagpo ang mga indibidwal o pangkat ng mga tao na may kalayaang magpahayag ng mga impormasyon ukol sa kanilang karanasan at buhay.
- 4.-5. Sa pagpapakilala sa kalakaran ng social media, hindi lamang ang mga instrumento at relasyon ang nagbago. Maging ang palitan ng mga _____ at _____ ay nag-iba rin bunga ng malaya at mabilis na pagpapalitan ng mga karanasan, kalagayan, saan mang lupalop ng daigdig.

B. Bilang isang *social media user*, pumili ng isang social media site/icon na lagi mong binubuksan o binibisita na makikita sa loob ng kahon. Pangalanan mo ito at batay sa iyong karanasan at kaalaman, magbigay ng positibo at negatibong epekto nito sa mga gumagamit sa kasalukuyan. (10 puntos)



Kuha mula: shorturl.at/gklGY; shorturl.at/fuJNT; shorturl.at/cLRX4; shorturl.at/eox01

Uri ng Social Media	Negatibong Epekto	Positibong Epekto




Karagdagang Gawain

Gawain 2.5

Panuto: Magsaliksik ng tatlong halimbawa ng sining panteatro. Itala at ilarawan ito sa loob ng hanay.

	Halimbawa ng Sining Panteatro	Kahulugan/ Depinisyon
1.		
2.		
3.		



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

A.

1. A
2. D
3. B
4. C
5. E

B.

Guro ang pagpapasya

Gawain 2.5

Guro ang magbibigay-pasya

Gawain 2.3.2

Nasa guro ang pagpapasya batay sa inhiandang pamantayan

Gawain 2.4.1

Nasa guro ang pagpapasya batay sa inhiandang pamantayan

Gawain 2.4.2

10 puntos kung tama at nasunod ang proseso

Gawain 2.1

1. A
2. D
3. B
4. C
5. E

Gawain 2.2

1. Youtube
2. Facebook
3. Facebook Messenger
4. Tama
5. Tama

Gawain 2.3.1

1. Maari
2. Sakit / Virus
3. Isang Doctor
4. Tama
5. Tama

Sanggunian

A. Aklat

Baisa, Ailene G. & Lontoc, Nestor S. Pluma: Wika at Panitikan II, 927
Quezon Ave., Quezon City, Phoenix Pub. House 2004

Garcia, Fanny A., & Geronimo, Jonathan V. Filipino sa Piling Larangan
(Sining at Desinyo), 856 Nicanor Reyes Sr. St., Sampaloc, Manila, Rex
Bookstore, Inc. 2017

B. Website

“Ang Teknikal na Sulatin” <https://bit.ly/2Cm1FwN>

“Ano ang Kahulugan ng Manwal” <https://brainly.ph/question/400463>

“Halimbawa ng Komunikasyong Teknikal”

<https://brainly.ph/question/710579?source=aid1168295>

“Komunikasyong Teknikal” <https://aralin1.wordpress.com/>

“Sulating Teknikal-Bokasyunal “Youtube, <https://bit.ly/3eiinLx>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph